

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pinagmulan:	05/01/1990
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
(Mga) Tagapag- apruha:	Lupon ng mga Direktor ng CHST		
(Mga) May- akda:	James Nicholson (Sr Dir Patient Access Services), John Buerkert (VP Assoc. General Counsel)	Pahina	1 ng 15

I. Patakarán

Nakatuon ang Children's Health System of Texas ("Children's Health") at Provider ng Children's Health (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) sa pagbibigay ng access sa de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan para sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran, kabilang ang mga pasyente at kanilang pamilya sa mahirap na kalagayang pinansyal. Nag-aalok ang Children's Health at Provider ng Children's Health ng Pinansyal na Tulong (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) sa anyo ng libre at may diskwentong Pang-emergency na Pangangalagang Medikal (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) sa ilang partikular na sitwasyon kung saan hindi makakabayad ang mga pasyente at ang kanilang pamilya dahil sa kanilang pinansyal na kalagayan.

II. Layunin

Nagsisilbi ang Patakarang ito upang magtatag at matiyak ang isang patas at pare-parehong paraan para sa mga pasyenteng walang insurance at hindi sapat na insurance at kanilang mga pamilya na mag-aplay at maisaalang-alang para sa Pinansyal na Tulong para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at iba pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Pakitandaan na hindi lahat ng serbisyong medikal na ibinibigay ng Provider ng Children's Health ay kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito. Sa pangkalahatan, kasama sa Pinansyal na Tulong ang libre o may diskwentong pangangalaga batay sa kita ng sambahayan at mga asset na kinakailangang ipaalam sa proseso ng aplikasyon kung kinakailangan ang isang aplikasyon. Tulad ng ipinaliwanag pa sa Seksyon V, nakabatay ang Pinansyal na Tulong sa isang diskwento mula sa Mga Kabuuang Singil (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na may minimum na diskwento na 70% para sa mga natukoy na kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito.

III. Mga Kahulugan

AGB: Ang halagang karaniwang sinisingil na mas lubos na ilalarawan sa Seksyon V.A. sa ibaba.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	2 ng 15

Panahon ng Aplikasyon: Magsisimula sa petsa na ibinigay ang Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangang Pangangalaga at magtatapos sa loob ng 240 araw pagkatapos ng unang post-discharge na billing statement.

Mga Provider ng Children's Health: Tinukoy sa Seksyon IX sa ibaba.

Domestic Partner: isang partner ng pasyente sa parehong kasarian, na nagbabahagi ng pangmatagalang relasyon ng pangako kung saan walang takdang tagal ng panahon kasama ang lahat ng sumusunod na katangian: (1) isang mutual at eksklusibong pangako sa kapakanan ng bawat isa; (2) pinansyal na interdependence sa pamamagitan ng pagbabahagi ng parehong mga asset at utang (hal., magkasamang pag-aari ng bahay, magkasamang bank account, magkasamang mga pautang); (3) hindi magkadugo na mas malapit pa kaysa sa hinahadlangang pagpapakasal ng magkaibang kasarian sa estado ng kanilang tinitirhan; (4) magkasamang pananagutan para sa parehong kapakanan ng bawat isa kabilang ang mga pangunahing gastos sa pamumuhay; at (5) hindi kasal sa isa't isa o sa ibang tao o may ibang partner na nakakatugon sa mga nabanggit na pamantayan.

Kuwalipikadong Aplikante: Pasyenteng wala pang 26 na taong gulang na nasa Estados Unidos nang walang permanenteng tirahan sa ibang bansa o ang guarantor (ibig sabihin, taong responsable para sa pagbabayad para sa mga serbisyo) para sa naturang pasyente at nakakatugon sa mga kinakailangan sa Kita ng Pamilya na itinakda sa Patakarang ito.

Pang-emergency na Pangangalagang Medikal: Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na ibinigay sa isang emergency room na setting.

Pamilya: (a) para sa isang pasyente na 18 taong gulang pataas, ang pasyente at ang asawa ng pasyente, Domestic Partner, at mga umaasang anak na wala pang 26 taong gulang, nakatira man sa bahay o hindi at (b) para sa isang pasyente na wala pang 18 taong gulang ang edad, ang magulang ng pasyente, tagapangalaga, kamag-anak at iba pang anak ng magulang, tagapangalaga ng pasyente, kamag-anak na wala pang 26 taong gulang ang edad.

Kita ng Pamilya: ang taunang kita at mga benepisyong pera mula sa lahat ng pinagmumulan ng Pamilya bago ang mga buwis at nabawasang pagbabayad na ginawa para sa sustento at suporta sa bata. Maaaring matukoy ang patunay ng naturang mga kita sa pamamagitan ng taunang kita ng Pamilya hanggang sa kasalukuyan.

Pinansyal na Tulong: Ang halaga ng pagbibigay ng libre o may diskwentong Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangan sa mga pasyente at kanilang mga pamilya na hindi kayang bayaran ang lahat o isang bahagi ng halaga ng pangangalaga batay sa mga tuntunin ng pagiging kuwalipikado na inilarawan sa Patakarang ito.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	3 ng 15

FPG: Matatagpuan ang Pederal na Mga Patnubay sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines) sa <https://aspe.hhs.gov/poverty-guidelines>.

Mga Kabuuang Singil: Ang buong nakumpirmang presyo para sa medikal na pangangalaga na ibinigay sa mga pasyente.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga: Mga serbisyo o supply ng pangangalagang pangkalusugan na ibinigay ng isang matalino at maingat na doktor sa isang pasyente para sa layunin ng pag-iwas, pag-diagnose, o paggamot sa isang karamdaman, pinsala, sakit, o mga sintomas nito sa paraang:

- Alinsunod sa karaniwang tinatanggap na mga pamantayan ng medikal na kasanayan;
- Klinikal na naaangkop batay sa uri, dalas, lawak, lugar at tagal; at
- Hindi lamang para sa pang-ekonomiyang benepisyo ng mga planong pangkalusugan at mamimili o para sa kaginhawahan ng pasyente, doktor na gumagamot, o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa mga layunin ng Patakarang ito, hindi itinuturing na Medikal na Kinakailangang Pangangalaga ang sumusunod na medikal na pangangalaga:

- Mga serbisyong hindi mako-cover ng o hindi itinuturing na medikal na kinakailangan ng mga programa ng Medicare o Medicaid;
- Mga serbisyo ng pag-transplant o cell o gene therapy;
- Mga suplemento;
- Itinuturing na eksperimental ang mga inireresetang gamot at paggamot para sa outpatient; at
- Mga pamamaraan sa kosmetiko o mga elektibong pamamaraan, kahit na sa ibang pagkakataon na nako-cover ng mga programa ng Medicare o Medicaid.

Self-pay na Balanse: Naibigay ang halagang dapat bayaran sa Provider ng Children's Health pagkatapos ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangang Pangangalaga at naubos na ang lahat ng iba pang opsyon sa pagbabayad o reimbursement.

IV. Pamantayan sa Pagiging Kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong

- A. Pangkalahatang Kinakailangan sa Pagiging Kuwalipikado. Maliban kung hindi ipinagkaloob sa Patakarang ito, nakabatay ang pagiging kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong sa isang ipinakitang kawalan ng kakayahan na magbayad para sa mga serbisyong tinutukoy kapag ikinukumpara ang antas ng taunang Kita ng Pamilya at laki ng Pamilya para sa nakaraang taon ng buwis sa FPG. Maaaring matukoy ng Children's Health ang kawalan ng kakayahang magbayad bago o pagkatapos maibigay ang Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o iba pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Available ang libre at may diskwentong pangangalaga, maliban kung iba ang itinakda sa Patakarang ito, batay sa mga sumusunod na antas ng kita at Mga Self-pay na Balanse:

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	4 ng 15

- 70% pag-aadjust ng Self-pay na Balanse (tulad ng tinukoy sa Seksyon III) para sa Mga Kuwalipikadong Aplikante na may Kita ng Pamilya sa pagitan ng 301-400% ng FPG
- 85% pag-aadjust ng Self-pay na Balanse para sa mga Kuwalipikadong Aplikante na may Kita ng Pamilya sa pagitan ng 201-300% ng FPG
- 100% pag-aadjust ng Self-pay na Balanse para sa mga Kuwalipikadong Aplikante na may Kita ng Pamilya na katumbas ng o mas mababa sa 200% ng FPG
- Isang Kuwalipikadong Aplikante na may Self-pay na Balanse sa nakalipas na 12 buwan na lampas sa 10% ng Kita ng Pamilya ng Kuwalipikadong Aplikante, na naubos na ang lahat ng pinagmumulan ng pagbabayad ng third-party, na lumampas ang Kita ng Pamilya sa 400% ng FPG, at hindi mababayaran ng Self-pay na Balanse ay kuwalipikado para sa isang pagpapawalang-bisa ng 85% ng Self-pay na Balanse kung mas malaki sa 400% ang Kita ng Pamilya ngunit mas mababa sa 500% ng FPG at 70% ng Self-pay na Balanse kung lumampas ang Kita ng Pamilya sa 500%.

- B. Departamento sa Emergency na Pangangalaga. Ang mga Provider ng Children's Health na may mga departamentong pang-emergency ay nagbibigay ng mga medikal na pagsusuri sa screening at Pang-emergency na Pangangalagang Medikal upang i-stabilize ang mga pasyente, anuman ang kakayahan ng pasyente na magbayad at sumusunod sa Emergency Medical Treatment and Labor Act ("EMTALA"). Ipinagbabawal ng Children's Health ang anumang aksyon na nagpapahina ng loob ng mga indibidwal na humihingi ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at hindi nagsasagawa ng aktibidad sa pangongolekta ng utang sa partikular na departamentong pang-emergency ng Provider ng Children's Health. Magiging available ang Pinansyal na Tulong sa lahat ng indibidwal na makikita sa departamento ng emergency ng isang Provider ng Children's Health at walang mga mapagkukunan upang magbayad para sa mga serbisyo, anuman ang katayuan sa paninirahan o pagiging mamamayan, kabilang ang mga pasyenteng walang permanenteng address o insurance coverage at ang mga walang access sa kinakailangang dokumentasyon ng aplikasyon.
- C. Presumptive Eligibility. Ang sumusunod ay maaaring awtomatikong magiging kuwalipikado sa Kuwalipikadong Aplikante para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito:

- i. Awtomatikong ipapawalang-bisa ang mga pagsingil para sa mga serbisyong hindi mako-cover ng Medicaid sa kawanggawa kung isang benepisyaryo ng Medicaid ang pasyente sa panahon ng hindi nako-cover na serbisyo;
- ii. Kapag nag-aplay ang isang pasyente para sa pribadong insurance na pangkalusugan, Medicare, Medicaid, Children's Health Insurance Program ("CHIP"), The Children with Special Healthcare Needs ("CSHCN"), o iba pang programang pinondohan ng

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	5 ng 15

estado na idinisenyo upang magkaloob ng coverage sa kalusugan ngunit ang ganoong coverage ay hindi inaasahang magsisimula hanggang matapos ang inaasahang pagsisimula ng paggamot, awtomatikong maaaprubahan pagkatapos ang Pinansyal na Tulong para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na ibinibigay sa loob ng 60 araw bago ang petsa ng pagkakabisa ng coverage;

- iii. Mga pasyenteng kuwalipikado para sa iba pang programang sinubok ng paraan ng pamahalaan tulad ng mga food stamp, na tinutukoy ng Children's Health paminsan-minsan; at
- iv. Maaaring isagawa ang panloob na pagtatasa ng pagiging kuwalipikado para tumanggap ng Pinansyal na Tulong bilang kapalit ng pag-aatas sa indibidwal na kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon na itinakda sa Patakarang ito. Sinusuri ng proseso ng pagtatasa ang mga pasyenteng walang insurance gamit ang mga independiyenteng source ng third-party at isinasalang-alang ang tinanyang taunang kita, laki ng Pamilya, at katayuan sa trabaho. Magiging kuwalipikado ang mga indibidwal na kuwalipikado sa ilalim ng proseso ng panloob na pagtatasa para sa Pinansyal na Tulong tulad ng itinakda sa Patakarang ito. Maaari pa ring mag-aplay ang mga indibidwal na hindi nakakatugon sa proseso ng panloob na pagtatasa para sa Pinansyal na Tulong alinsunod sa Seksyon VI sa ibaba.

D. Mga Kalagayan Kung Saan Maaaring Hindi Available ang Pinansyal na Tulong.
Karaniwang hindi kuwalipikado ang mga Kuwalipikadong Aplikante para sa Pinansyal na Tulong kung sila ay:

- Tumangging ma-screen upang matukoy kung ang coverage ng third-party, kasama ang walang limitasyong Medicaid, ay available;
- Magkaroon ng third-party na coverage mula sa isang insurer sa kalusugan, plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, Medicare, Medicaid, CHIP o CSHCN at walang Self-Pay na Balanse;
- Magkaroon ng access sa mga mapagkukunan para sa pagbabayad sa pamamagitan ng ministry sa pagbabahagi ng pangangalagang pangkalusugan o iba pang mapagkukunan ng third-party at walang Self-Pay na Balanse
- Magkaroon ng access para sa pangangalaga sa loob ng network mula sa iba pang provider kung saan wala sa network ang mga Provider ng Children's Health;
- Magkaroon ng coverage para sa isang pinsala na mababayaran para sa mga layunin ng kompensasyon ng mga manggagawa, pang-sasakyang insurance, o iba pang insurance o mapagkukunan ng third-party at walang Self-Pay na balanse; o
- Magkaroon ng alinman sa nabanggit o anumang iba pang coverage para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangang Pangangalaga at tumangging mag-aplay para sa o gamitin ang naturang coverage.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	6 ng 15

- E. Pagtanggi Batay sa Hindi Matagumpay na Pag-aaplay para sa Iba Pang Coverage o Maling Impormasyon.
- Inilalaan ng Children's Health ang karapatang tanggiin ang Pinansyal na Tulong sa mga Kuwalipikadong Aplikante na kinakailangang kumuha ng insurance coverage na pangkalusugan ngunit pinipiling hindi gawin ito o Mga Kuwalipikadong Aplikante na tumanggi sa insurance coverage, kabilang ang mga plano sa tulong ng pamahalaan, dahil sa, halimbawa, mga relihiyosong kadahilanan.
 - Inilalaan ng Children's Health ang karapatang tanggiin ang isang aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong na naglalaman ng mali o mapanlinlang na impormasyon.
- F. Pagpapabalik ng Grant ng Pinansyal na Tulong. Inilalaan ng Children's Health ang karapatang muling suriin ang pagiging kuwalipikado ng isang Kuwalipikadong Aplikante para sa Pinansyal na Tulong sa panahon ng pagiging kuwalipikado kung matukoy na nagbago ang pinansyal na katayuan ng Kuwalipikadong Aplikante. Inilalaan ng Children's Health ang karapatan na muling baguhin ang Pinansyal na Tulong at ituloy ang naaangkop na reimbursement o mga pangongolekta bilang resulta ng bagong natuklasang impormasyon, kabilang ang insurance coverage o pagbabayad sa Kuwalipikadong Aplikante na hinahabol ang isang personal na paghahabol sa pinsalang nauugnay sa mga serbisyong pinag-uusapan.
- G. Probisyon ng Patuloy na Pangangalaga. Maaaring kakailanganin ng mga Kuwalipikadong Aplikante na kuwalipikado para sa Pre-service na Pinansyal na Tulong na magpakita ng kakayahang magbigay o magpanatili ng anumang patuloy na pangangalaga na kinakailangan para sa kalusugan at kapakanan ng pasyente gaya ng idinidikta ng paunang kondisyon ng pasyente o itinuturo ng pangkat ng pangangalaga ng pasyente. Ang pagbibigay ng Pinansyal na Tulong ay hindi nag-oobliga sa mga Provider ng Children's Health na magbigay ng patuloy na pangangalaga; gayunpaman, sa sariling pagpapasya ng naaangkop na Provider ng Children's Health, maaaring ibigay ang mga serbisyo at suporta na medikal na kinakailangan at hindi available sa ibang lugar sa patuloy na batayan.
- H. Muling Pag-aaplay para sa Pinansyal na Tulong. Maaaring hilingin sa mga pasyente na muling mag-aplay para sa pinansyal na tulong nang hindi bababa sa kada labindalawang (12) buwan.
- I. Walang Diskriminasyon. Nakatuon ang Children's Health sa pagtataguyod ng maraming batas ng pederal at estado na humahadlang sa diskriminasyon batay sa lahi, kasarian, edad, relihiyon, bansang pinagmulan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, kapansanan, serbisyo militar, o anumang iba pang klasipikasyon na protektado ng pederal, estado, o mga lokal na batas.

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	7 ng 15

V. Batayan para sa Pagkalkula ng Mga Halaga na Sisingilin sa Mga Pasyente

- A. Mga Kabuuang Singil at AGB. Sisingilin ang lahat ng pasyente ng Kabuuang Singil; gayunpaman, limitado sa AGB ang Self-pay na Balanse para sa mga Kuwalipikadong Aplikante. Natutukoy ang AGB sa pamamagitan ng pagmu-multiply ng Mga Kabuuang Singil para sa espesipikong pangangalaga sa porsyento ng AGB para sa naturang pangangalaga. Tinutukoy ang porsyento ng AGB gamit ang "look-back method" at nakabatay sa lahat ng pinahihintulutang paghahabol kung saan ang pangunahing nagbabayad ay ang Medicaid fee-for-service, Medicare fee-for-service, at lahat ng pribadong insurer sa kalusugan para sa nakaraang taon ng pananalapi. Hinati ang kabuuang halaga ng mga naturang pinahihintulutang paghahabol sa mga nauugnay na singil mula sa mga paghahabol na iyon para matukoy ang porsyento ng AGB.

Kinakalkula taun-taon ang AGB at inilapat batay sa isang taon ng kalendaryo.

Imu-multiply ang porsyento ng AGB sa Kabuuang Singil ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o iba pang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na natanggap ng pasyente upang matukoy ang AGB.

- B. Limitasyon ng Halaga ng Pagbabayad sa AGB. Limitado ang halaga na inaasahang babayaran ng isang Kuwalipikadong Aplikante mula sa sariling bulsa sa porsyento ng AGB ng Kabuuang Singil kung ituturing ang Kuwalipikadong Aplikante na iyon na kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong. Maaaring lumampas ang kombinasyon ng mga pagbabayad sa insurance at pagbabayad sa Kuwalipikadong Aplikante sa AGB.
- C. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa AGB. Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon ang mga indibidwal, sa pamamagitan ng sulat at walang bayad, tungkol sa Children's Health AGB sa pamamagitan ng alinman sa:
- Pakikipag-ugnayan sa Admitting Office
 - Sa Dallas: **214-456-8640** – Lunes – Biyernes: 7:30 a.m. – 5:30 p.m. o
 - Sa Plano: **469-303-8640** – Lunes – Biyernes: 6:30 a.m. – 3:30 p.m. o
 - Pagkuha ng Children's Health AGB at impormasyon sa pagkalkula ng AGB sa website ng Children's Health sa <https://www.childrens.com/patient-families/billing-and-insurance/financial-assistance-and-support>.

VI. Paraan ng Pag-aaplay para sa Pinansyal na Tulong

- A. Aplikasyon. Iniaalok ang Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng alinman sa proseso ng aplikasyon o awtomatiko sa mga sitwasyong inilarawan sa itaas sa Seksyon IV.C. Upang simulan ang proseso ng aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong:

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	8 ng 15

- i. Dapat kumpletuhin ng Kuwalipikadong Aplikante ang aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong, kung kinakailangan at ibigay ang dokumentasyong kinakailangan sa aplikasyon na makatwirang available.
- ii. Maaaring isagawa ang pag-verify ng kita sa telepono kasama ang employer at account na nakadokumento na may pag-verify, pamagat, petsa, at numero ng telepono.
- iii. Kung lumilitaw na kuwalipikado ang Kuwalipikadong Aplikante para sa mga programa ng pamahalaan, tinutulungan ang Kuwalipikadong Aplikante sa proseso ng aplikasyon na iyon, na dapat kumpletuhin bilang bahagi ng proseso para sa pagiging kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito.
- iv. Maaaring gawin ang mga aplikasyon ng pasyente, magulang ng pasyente, guarantor ng pasyente, o awtorisadong kinatawan ng pasyente, na napapailalim sa mga naaangkop na batas sa privacy. Karaniwang ibinabatay ang pagtukoy sa katayuan ng pagkamamamayan at paninirahan ng pasyente, hindi sa katayuan ng magulang, paninirahan, at pagkamamamayan habang ibinabatay ang anumang pagsusuri sa kita o asset sa Kita ng Pamilya.
- v. Mas pinipili, ngunit hindi kinakailangan, na ang isang kahilingan para sa Pinansyal na Tulong at isang pagtukoy ng pinansyal na pangangailangan ay mangyari bago ang pagbibigay ng hindi kinakailangang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Gayunpaman, maaaring gawin ang pagtukoy sa anumang punto sa cycle ng pangongolekta. Muling susuriin ang pangangailangan para sa Pinansyal na Tulong sa bawat magkakasunod na oras ng mga serbisyo kung nakumpleto ang huling pinansyal na pagsusuri ng higit sa labindalawang (12) buwan bago, o sa anumang oras ay malalaman ang karagdagang impormasyon na nauugnay sa pagiging kuwalipikado ng pasyente.
- vi. Kung hindi natanggap ang isang aplikasyon at kinakailangang dokumentasyon, susubukan ng pangkat ng Mga Serbisyo sa Pinansyal na Pagpapayo na makipag-ugnayan sa Pamilya sa pamamagitan ng telepono upang makuha ang (mga) kulang na dokumento. Gagawin lamang ang mga pagtukoy na kinakailangan sa ilalim ng Patakarang ito pagkatapos matanggap ang impormasyong kinakailangan ng Patakarang ito, maliban kung natutugunan ang mga kinakailangan para sa awtomatikong Pinansyal na Tulong.
- vii. Dapat humingi ang Admissions Department at Mga Serbisyo sa Pinansyal na Pagpapayo ng impormasyon mula sa Kuwalipikadong Aplikante kung maaaring ganap o bahagyang mako-cover ng pribado o pampublikong insurance na pangkalusugan o sponsorship ang mga pagsingil para sa pangangalaga na ibinigay ng Provider ng Children's Health sa pasyente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pribadong insurance na pangkalusugan, Medicare, Medicaid, Children's Health Insurance Program ("CHIP"), The Children with Special Healthcare Needs ("CSHCN"), o iba pang programang pinondohan ng estado na idinisenyo upang magkaloob ng coverage sa kalusugan.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	9 ng 15

- viii. Kung matukoy na nagsumite ang aplikante ng maling impormasyon, awtomatikong tatanggihan ang aplikasyon.
- ix. Dapat magbigay ang Kuwalipikadong Aplikante ng form ng nilagdaang awtorisasyon at mga tuntunin ng serbisyo na nagbibigay-daan sa Children's Health na magsumite ng mga paghahabol.

B. Pakikipagtulungan. Kinakailangan ng Children's Health ang kumpletong pakikipagtulungan ng Kuwalipikadong Aplikante sa panahon ng aplikasyon at proseso ng pagpapasiya para sa Pinansyal na Tulong.

C. Mga Hindi Kumpletong Aplikasyon. Aabisuhan ng Children's Health ang mga Kuwalipikadong Aplikante ng mga hindi kumpletong aplikasyon at tutukuyin ang mga dokumento o impormasyong kailangan para makumpleto ang proseso ng aplikasyon, na dapat ibigay sa loob ng 30 araw. Inilalaan ng Children's Health ang karapatang tanggihan ang Pinansyal na Tulong kung hindi natanggap ang aplikasyon sa loob ng Panahon ng Aplikasyon gaya ng tinukoy sa Seksyon III sa itaas.

D. Pagsusuri ng Aplikasyon. Susuriin ng kawani ng Children's Health ang aplikasyon at gagawa ng pagpapasiya kung anong Pinansyal na Tulong, kung mayroon man, ang maaaring ialok. Tatagal ng humigit-kumulang 30 araw ang proseso ng pagsusuri ng aplikasyon. Kapag nakagawa na ng desisyon para sa Pinansyal na Tulong, magpapadala ng sulat sa Kuwalipikadong Aplikante na nagpapahayag sa desisyon.

E. Kung natukoy ng Mga Serbisyo sa Pinansyal na Pagpapayo na hindi nakakatugon ang Kuwalipikadong Aplikante sa mga kinakailangang salik para sa Pinansyal na Tulong, maaaring humiling ang Kuwalipikadong Aplikante o ang direktor/senior director ng lugar ng serbisyo (o itinalaga) ng konsiderasyon para sa isang eksepsiyon mula sa Charity Review Committee ("CRC"). Maaaring humiling ang Kuwalipikadong Aplikante o direktor/senior director ng lugar ng serbisyo (o itinalaga) ng konsiderasyon para sa ekspesiyon mula sa naaangkop na ehekutibo. Agad na isusumite ng kani-kanilang ehekutibo o itinalaga ang kahilingan sa Senior Vice President ng Children's Health, Managed Care o itinalaga na magpapasimula ng pagsusuri ng CRC. Susuriin ng CRC ang impormasyon ng Kuwalipikadong Aplikante at tutukuyin ang pinal na disposisyon ng Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito.

F. Mga Kopya ng Patakarang, Kopya ng Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong, at Tulong sa Proseso ng Aplikasyon.

- i. **Available ang mga aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong, mga kopya ng Patakarang ito, at impormasyon sa tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon nang walang bayad sa sumusunod na website:**

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	10 ng 15

<https://www.childrens.com/patient-families/billing-and-insurance/financial-assistance-and-support>

- ii. **Available ang mga aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong, mga kopya ng Patakarang ito, at tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon nang walang bayad sa pamamagitan ng pagtawag sa:**
 - Dallas: **214-456-8640** – Lunes – Biyernes: 7:30 a.m. – 5:30 p.m.
 - Plano: **469-303-8640** – Lunes – Biyernes: 6:30 a.m. – 3:30 p.m.
- iii. **Available ang mga aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong, mga kopya ng Patakarang ito, at impormasyon sa tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon nang walang bayad sa pamamagitan ng nakasulat na kahilingan o nang personal sa:**

Children's Medical Center Dallas
Admitting Office
1935 Medical District Drive
Dallas, TX 75235

Children's Medical Center Plano
Admitting Office
7601 Preston Road
Plano, Texas 75024

G. Pagiging Kumpidensyal at Pagbabahagi ng Impormasyon sa Pinansyal na Tulong.

- i. Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon sa Pinansyal na Tulong. Itataguyod ng Children's Health ang pagiging kumpidensyal at indibidwal na dignidad ng bawat pasyente at Kuwalipikadong Aplikante. Susunod ang Children's Health at ang Provider ng Children's Health sa mga naaangkop na batas para sa pangangasiwa ng personal na medikal, kalusugan, at pinansyal na impormasyon. Pananatilihin ng Children's Health ang lahat ng impormasyong natanggap mula sa Mga Kuwalipikadong Aplikante na humihiling ng Pinansyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito bilang kumpidensyal na impormasyon at hindi ibabahagi ang naturang impormasyon sa labas ng Children's Health maliban kung hiniling ng batas.
- ii. Hindi Pagbibigay ng Impormasyon sa Mga Ahensya ng Pangongokolekta. Pananatilihin ang impormasyon tungkol sa mga monetary asset na nakuha bilang bahagi ng aplikasyon at proseso ng pag-apruba para sa Pinansyal na Tulong sa isang file na hiwalay sa impormasyon na maaaring gamitin upang kolektahin ang halagang dapat bayaran sa mga Provider ng Children's Health. Hindi magiging available ang lahat ng impormasyon sa naturang file sa mga tauhan na kasama sa pangongolekta ng utang.

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	11 ng 15

- iii. Impormasyong Nakuha sa Labas ng Proseso ng Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong. Wala sa Patakarang ito ang magbabawal sa paggamit ng impormasyong nakuha ng Children's Health, mga ahensya ng pangongolekta o itinalaga nito nang hiwalay sa proseso ng pagiging kuwalipikado sa Pinansyal na Tulong.
- iv. Pagbabahagi ng Impormasyon sa Pagitan ng mga Provider ng Children's. Maaaring magbahagi ang Children's Health at ang mga kasamahan nito, kabilang ang Provider ng Children's Health ng impormasyon ng Pinansyal na Tulong ng pasyente para sa benepisyo at kadalian ng pagbibigay ng Pinansyal na Tulong para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga na ibinibigay sa isang pasyente sa iba't ibang Provider ng Children's Health.

VII. Mga Aksyon na Maaaring Gawin sa Pagkakataon ng Hindi Pagbabayad

- A. Paglalagay ng mga Self-pay na Balanse sa Mga Ahensya ng Pangongolekta. Ginagawa ng Children's Health ang lahat ng makatwirang pagsisikap upang kolektahin ang mga natitirang halaga na dapat bayaran ng mga third party. Unang pinagtatrabahuhan ang mga hindi nabayarang Self-pay na Balanse sa in-house sa Children's Health sa loob ng isang yugto ng panahon. Kung mananatiling hindi nababayaran ang Self-pay na Balanse at hindi nagawa ang angkop na mga pagsasaayos sa pagbabayad, ilalagay ang mga account sa isang paunang panlabas na ahensya ng pangongolekta. Ang paunang panlabas na ahensyang ito ay mas kumikilos bilang extension ng Children's Health's Business Office.
- B. Walang Mga Di-pangkaraniwang Aksyon sa Pangongolekta. Hindi makikibahagi ang Children's Health at Provider ng Children's Health sa mga di-pangkaraniwang aksyon sa pangongolekta (tulad ng mga ulat sa mga ahensya sa pag-uulat ng credit ng consumer o mga bureau ng credit, pagbebenta ng utang ng isang indibidwal sa ibang partido, atbp.) laban sa mga pasyente upang makakuha ng bayad sa pangangalaga. Alinsunod dito, ang Children's Health, Provider ng Children's Health, mga ahente ng pagkolekta ng Provider ng Children's Health, at sinumang mga nakatalaga sa Provider ng Children's Health na mga subsidiary o kasamahan ay hindi dapat maghain ng legal o mga paghahabol sa korte, gumamit ng mga wage garnishment o body attachment, magsanhi ng mga pag-aresto, maglagay ng lien sa mga pangunahing tirahan, tanggihan o ipagpaliban ang paghahatid ng Pang-emergency na Pangangalagang Medikal at Medikal na Kinakailangang Pangangalaga, o magsagawa ng mga katulad na di-pangkaraniwang aksyon bilang paraan ng pagkolekta ng mga hindi nabayarang bayarin. Hindi humahadlang ang kinakailangang ito sa mga partidong ito na ituloy ang reimbursement mula sa mga third-party na liability settlement, tortfeasors, o iba pang legal na responsableng partido.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	12 ng 15

- C. May Kabutihang Loob na Pag-aareglo. Kung sinusubukan ng isang indibidwal na maging kuwalipikado para sa tulong sa ilalim ng Patakarang ito at sinusubukan nang may kabutihang loob na bayaran ang isang hindi pa nababayarang bayarin sa Provider ng Children's Health sa pamamagitan ng pakikipag-ayos sa isang makatwirang plano ng pagbabayad o sa pamamagitan ng regular na partial na pagbabayad ng isang makatwirang halaga, hindi ipapadala ng Provider ng Children's Health ang hindi pa nababayarang bayarin sa alinmang ahensya ng pangongolekta o iba pang nakatalaga.
- D. Pagbabalik ng Sobrang Pagbabayad. Kung nagbayad ang isang Kuwalipikadong Aplikante ng lampas sa kabuuang halaga ng responsibilidad ng Kuwalipikadong Aplikante, ibabalik ng Provider ng Children's Health ang refund, sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan natukoy ang labis na pagbabayad, ang labis na pagbabayad.
- E. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Pagsingil at Insurance. Impormasyon tungkol sa pagsingil at insurance:
- Ay naka-set out sa <https://www.childrens.com/patient-families/billing-and-insurance>
 - Maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa **800-467-7404** o **214-456-2455**, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Central Time o
 - Maaaring makuha sa pamamagitan ng pag-email sa **patientbilling@childrens.com**

VIII. Impormasyong Nakuha mula sa Mga Panlabas na Source at Paggamit ng Mga Naunang Pagtukoy ng Kwalipikasyon sa Pinansyal na Tulong

- A. Impormasyon mula sa Mga Panlabas na Source. Inaasahan ng Children's Health ang Kuwalipikadong Aplikante na magbigay ng impormasyon na makatwirang kinakailangan upang maproseso ang aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong ngunit madalas na isinasaalang-alang ang impormasyong nakolekta ng mga third-party vendor sa mga kaso ng presumptive eligibility sa ilalim ng Seksyon IV.C. sa itaas.
- B. Paunang Pagiging Kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong. Maaaring isaalang-alang ang paunang pagiging kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong para sa mga layunin ng pagtukoy ng pagiging kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong at sa pangkalahatan ay nagsaad ng pagiging kuwalipikado para sa Pinansyal na Tulong kung walang mga materyal na pagbabago sa pinansyal na kalagayan ng Kuwalipikadong Aplikante o pag-access sa iba pang uri ng coverage para sa Pang-emergency na Pangangalagang Medikal o Medikal na Kinakailangang Pangangalaga.

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyong Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	13 ng 15

IX. Mga Provider na Mako-cover ng Patakarang ito

Nalalapat ang Patakarang ito sa lahat ng “**Provider ng Children’s Health,**” na nangangahulugang lahat ng ospital, Seksyon 162.001(b) non-profit na organisasyong pangkalusugan na mga kasanayan ng doktor, at iba pang provider na ganap na pagmamay-ari o ganap na kontrolado, direkta o hindi direkta, ng Children's Health. Ang isang listahan ng mga organisasyon ng Provider ng Children's Health na mako-cover ng Patakarang ito ay ang mga sumusunod:

- Anesthesiologists for Children
- Children’s Health Imaging
- Children’s Medical Center of Dallas
- Children's Medical Center Plano
- Complex Care Medical Services Corporation
- Dallas Physician Medical Services for Children, Inc. na nagnenegosyo bilang
 - Medikal na Grupo ng Children’s Health
 - Children’s Health Andrews Institute for Orthopaedics & Sports Medicine

Hindi nalalapat ang Patakarang ito sa anumang iba pang ospital, doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan o mga provider na entidad, kabilang ang mga independiyenteng provider na ang kaugnayan sa Children’s Health ay sa pamamagitan lamang ng pagiging miyembro ng medikal na kawani o ng isang kontrata para sa mga serbisyo o hindi ganap na pagmamay-ari at direkta o hindi direktang kinokontrol ng Children’s Health.

X. Hindi Binabayarang Pangangalaga

Sa kabila ng anumang bagay sa Patakarang ito na kabaligtaran sa, para sa mga layunin ng pag-uulat ng hindi nabayaran at indigent care na gastos, dapat isama ng **Provider ng Children's Health** ang mga singil para sa mga hindi nako-cover na serbisyo na ibinigay ng **Provider ng Children's Health** sa mga pasyente ng Medicaid o pasyenteng nako-cover sa ilalim ng iba pang programa sa indigent care bilang hindi nabayarang pangangalaga. Kasama sa mga hindi nako-cover na serbisyo ang mga serbisyo sa Medicaid at iba pang pasyente ng programa ng indigent care na naubos na ang kanilang coverage ng benepisyo, mga serbisyong tinanggihan (sa kabuuan o bahagi) ng Medicaid at iba pang programa ng indigent care, at mga serbisyong lumalampas sa panahon ng karamdaman o limitasyon sa haba ng pananatili. Ang halaga ng hindi nabayarang pangangalaga ay ang halaga ng mga pagsingil na ipinawawalang-bisa o tinanggihan. Bilang karagdagan, para sa mga layunin ng pag-uulat ng mga hindi nabayaran at indigent care na gastos, dapat isama ng **Provider ng Children's Health** ang

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	14 ng 15

pagkakaiba sa pagitan ng mga kabuuang bayad at ang bayad na natanggap ng **Provider ng Children's Health** para sa mga insured na pasyenteng nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kuwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito kung saan walang kontraktwal na kasunduan ang **Provider ng Children's Health** sa nagbabayad na nakaka-cover sa (mga) petsa ng serbisyo ng pasyente.

MGA SOURCE:

- Mga Kaugnay na Patakarang**
[AD 2.29.01 Emergency Medical Treatment \(EMTALA\) at Paglilipat ng Pasyente – Dallas](#)
[AD 2.29.02 Emergency Medical Treatment \(EMTALA\) and Patient Transfer - Plano](#)
- Manwal ng Pinagsamang Komisyon**
Wala
- Mga Kundisyon ng Paglahok ng Medicare**
Wala
- Estado o Pederal na Batas o (mga) Regulasyon**
Patient Protection and Affordable Care Act of 2010 – Internal Revenue Code Section 501(r)
- Mga sanggunian**
Wala
- Mga Keyword**
Pinansyal na Tulong, Pang-emergency na Pangangalagang Medikal, Medikal na Kinakailangang Pangangalaga, Pagsingil at Pagkolekta
- Mga link ng Gabay sa Madaling Sanggunian, Flowchart, at Tulong sa Trabaho**
Wala

PATAKARAN

Kategorya:	Children's Health System of Texas Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Departamento at Korporasyon Mga Serbisyonang Pinansyal at Revenue Integrity Accounting, Pananalapi at Buwis	Petsa ng Pagkabisa:	07/21/2023
Pamagat:	PS 2.17 Pinansyal na Tulong sa Pasyente	Pahina	15 ng 15

Attachment A:

Kalkulasyon ng Mga Halaga na Karaniwang Sinisingil

Kasunod ng pagtukoy ng pagiging kuwalipikado sa pinansyal na tulong, hindi sisingilin ang isang indibidwal ng higit sa halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) sa mga indibidwal na may insurance para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga. Ginagamit ng Provider ng Children's Health ang "look-back method" para kalkulahan ang AGB gamit ang mga closed encounter ng nakaraang taon. Ibinabatay ng paraang ito ang AGB sa ganap na nabayaranang mga paghahabol sa ospital kung saan ang pangunahing nagbabayad ay ang Medicaid fee-for-service, Medicare fee-for-service, Medicaid, at komersyal na mga insurer sa kalusugan. Hinahati ng Provider ng Children's Health ang halaga ng kabuuang pagbabayad na ginawa ng mga nagbabayad na iyon sa halaga ng kabuuang singil sa ospital para sa mga paghahabol na iyon upang makalkula ang AGB. Kasama ang mga closed claim sa naunang taon ng pananalapi (12 buwan) sa pagkalkula. Kinakalkula taun-taon ang AGB at inilapat batay sa kalendaryo.

Taon ng Pananalapi 2022 ng Provider ng Children's Health

Kabuuang Singil: \$3,707,631,506
Mga Diskwento/ Kontraktwal: \$2,038,564,422
Mga Pagbabayad: \$1,669,067,084
Rate ng Diskwento: 55%

Rate ng AGB para sa Taon ng Kalendaryo 2022: 45%